Departamento ng Kalusugan
ng Estado ng Hawaii



# Mga Bivalent na Pang-booster ng COVID-19

Inirerekomenda ang mga bivalent na bakunang pangbooster ng COVID-19 na idinisenyo para maprotektahan laban sa orihinal na COVID-19 at ang pinaka-karaniwang mga strain ng variant ng Omicron para sa lahat na may edad 5 at mas matanda.

Pwedeng makatulong ang na-update na bivalent na pang-booster ng COVID-19 sa pagpapanumbalik ng proteksyon na nabawasan mula noong naunang pagbabakuna at magbigay ng mas malawak na proteksyon laban sa mga panibagong variant; tulad ng mga subvariant ng BA.4 at BA.5 ng Omicron.

Epektibo ang lahat ng mga awtorisadong bakuna at pang-booster para sa COVID-19 sa pagpapababa ng panganib ng malubhang sakit, pagpapa-ospital at kamatayan.

Walang bayad at handang magamit ang mga bakuna at pang-booster sa COVID-19 sa mga parmasya, sentro ng kalusugan ng komunidad, klinika, at iba pang tagapaghatid ng pangangalagang pangkalusugan sa buong estado. Mahahanap ang mga naghahatid ng pagbabakuna sa vaccines.gov.

## Inirerekomenda ang mga bivalent ng pang-booster kung...

- Edad 5 o mas matanda
- Natapos na ang pangunahing serye ng iyong bakuna
- Nakalipas na ang hindi bababa sa 2 na buwan mula noong pinakahuling pagbabakuna mo

## Pfizer ba o Moderna?

Pumili ka! Pwedeng maturokan ang mga indibidwal ng alinman sa Pfizer o Moderna anuman ang uri ng bakuna na naiturok sa kanila dati.

**Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang HawaiiCOVID19.com/Vaccine**